Taon 37 Blg. 1

Ika-15 Linggo sa Karaniwang Panahon (A) — Luntian

Hulyo 16, 2023



Tuwing tag-ulan, madalas patugtugin sa radyo ang awiting ito ng Apo Hiking Society. Naglalarawan ito ng maraming malalayang sandali kung kailan 'di maiwasang "gumawa ng mga di inaasahang bagay." Pagpatak ng ulan, ginugugol ng barkada ang oras sa kuwentuhan, inuman, pagtulog, pakikinig ng radyo, panonood ng TV at pagbabasa ng mga lumang komiks at marami pang iba.

Para sa mga taga-Israel, kung saan ang lupa'y malimit na tuyo at mabato, ang pagpatak ng ulan sa mundo: ay itinuturing na biyaya ng Diyos. Ayon kay propeta Isaias hindi bumabalik sa Diyos ang ulan "hangga't 'di nito dinidilig ang lupa at pinatutubo ang halaman" (Is 55:10). Sa mga halamang ito nagmumula ang mga butil ng kasaganaan. Katulad ng mga butil na ito ang Salita ng Diyos na kaayon sa propeta

ay "di bumabalik hangga't 'di natutupad ang ipinaguutos ng Diyos." Bawat isang Salita ng Diyos ay butil at punla ng pag-asa sa mundong balisa. Laging inihahasik ito ng Diyos sa sangkalupaan na animo'y ulan. Sa Ebanghelyo ni San Mateo sa Linggong ito (Mt 13:1-23), hinahamon tayong payabungin at pagyamanin ang biyayang dulot ng Diyos sa atin. Sa talinghagang ipinahayag ni Hesus ang mga butil na inihasik ay maaaring humantong sa: (1) daan kung saan tutukain lamang ng mga ibon; (2) batuhan kung saan agad tutubo ngunit mabilis ding mamamatay; (3) dawagan, kung saan hindi rin magtatagal dahil sinisiksik ng ibang halaman at inaagawan ng biyaya ng lupa; at (4) sa mabuting lupa kung saan ito ay tumubo at namunga ng tig-iisang daan, tig-aanimnapu at tig-tatatlumpu.

Si Hesus na rin mismo ang nagpaliwanag sa talinhagang ito. Hinahamon tayong manatiling mabuting lupa sa patnubay ng Diyos sa harap ng mga pagsubok. Noong ika-8 ng Abril sa Vatican, nangusap si Papa Benito XVI: "Sa pagkalupig at pagaalipusta ng mga naghihirap dahil sa Salita ng Diyos naroon ang katangi-tanging kapangyarihang hindi ganap mauunawaan ng mundo. Ito ang kapangyarihan ng pagibig, hindi gumagamit ng dahas ngunit laging nananaig." Idinugtong pa niya: "'Di natin dapat katakutan ang mga pagsubok at paghihirap na dulot ng ating pagsaksi sa Salita ng Diyos. Bahagi ito ng mga pinagdaraan ng matapat at matapang na pagsaksi sa pagmamahal na maka-Diyos at makatao."

Ang maging mabuting lupa ay isang hamon sa ating lahat sa bawat araw ng ating buhay. Maaari nga nating balikan ang mensahe ng awitin ng Apo kung saan, "sa paghinto ng ulan hindi na dapat isipin kung ano ang ating gagawin sapagkat wala naman tayong babaguhin:" mag-iinom lamang, matulog, at manonood ng sine. Gawain ito ng tamad! Sa halip bahagi ng patuloy na pagiging mabuting lupa ay ang pagkilos at ang pagdidilig sa pamamagitan ng mabubuting gawa. Walang nararating ang tamad na pananampalataya bagkus malayo ang maaabot ng pananampalatayang sagana sa alaga.

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok

(Basahin kung walang pambungad na awit.)

Akong iyong pinatawad sa iyo'y makahaharap nang mukha mo ay mamalas. Sa piling mo'y magagalak pag liwanag mo'y sumikat.

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus.)

P—Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipag-isa ng Espiritu Santo nawa'y sumainyong lahat.

B-At sumaiyo rin.

Paunang Salita

(Maaaring basahin ito o isang katulad na pahayag.)

P—Sa Talinhaga ng Magsasaka, ipinaaalala ni Hesus na mamumunga nang masagana ang Salita ng Diyos sa ating buhay kung ihahanda natin ang lupang tatamnan nito. Bukod sa pakikinig nang buong puso sa Salita ng Diyos, hinahamon tayong tumalima sa hinihiling ng Ebanghelyo mula sa atin.

Pagsisisi

P—Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat sa pagdiriwang ng banal na paghahaing nagdudulot ng kapatawaran ng Maykapal. (Tumahimik)

P—Panginoon, kami'y nagkasala sa iyo.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Kaya naman, Panginoon, ipakita mo na ang pag-ibig mong wagas.

B—Kami ay lingapin at sa kahirapan ay iyong iligtas.

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen.

P—Panginoon, kaawaan mo kami. B—Panginoon, kaawaan mo kami. **P**—Kristo, kaawaan mo kami.

B-Kristo, kaawaan mo kami.

P—Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Panalanging Pambungad

P—Manalangin tayo. (*Tumahimik*)

Ama naming makapang-yarihan, nililiwanagan ng iyong maaasahang ilaw ang mga naliligaw na iyong pinababalik sa daan para ikaw ay matagpuan. Ang mga kabilang sa nananalig sa iyong Anak ay pagkalooban mong makapagwaksi sa tanang salungat sa ngalang kristiyanong sa iyo'y tinanggap upang ito ay talagang mapangatawanang ganap sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B—Amen.**

PAGPAPAHAYAG NG Salita ng Diyos



Unang Pagbasa

(Is 55:10–11) (*Umupo*)

Katulad ng ulan na nagdudulot ng ginhawa sa lupang tigang, ang Salita ng Diyos ang siyang bumubuhay sa atin. Subalit katulad ng nasasaad sa talinhaga, kailangan nating ihanda ang lupang tatamnan ng Salita ng Diyos.

Pagbasa mula sa Aklat ni propeta Isaias

ITO ang sinasabi ng Panginoon: "Ang ulan at niyebe paglagpak sa lupa'y di na nagbabalik, aagos na ito sa balat ng lupa't nagiging pandilig, kaya may pagkai't butil na panghasik. Ganyan din ang aking mga salita, magaganap nito ang lahat kong nasa."

—Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 64)

T—Nagbunga nang masagana binhi sa mabuting lupa.



- 1. Umuulan sa lupain, ganito mo kinalinga,/ umuunlad ang lupai't tumataba yaong Lupa;/ patuloy na umaagos ang bigay mong mga batis,/ sa halamang nasa lupa, ay ito ang dumidilig;/ ganito ang ginawa mo na hindi mo ikinait. (T)
- 2. Sa binungkal na bukirin ang ulan ay masagana,/ ang bukirin ay matubig, at palaging basangbasa;/ sa banayad na tag-ulan ay lumambot yaong lupa,/ kaya naman pati tanim ay malago at sariwa. (T)
- 3. Nag-aani nang marami sa tulong mong gumagawa,/ at saanman magpunta ka'y masaganang-masagana./ Ang pastula'y punung-puno ng matabang mga kawan,/ naghahari yaong galak sa lahat ng kaburulan. (T)
- **4.** Gumagala yaong tupa sa gitna ng kaparangan,/ at hitik na hitik

man din ang trigo sa kapatagan;/ ang lahat ay umaawit, sa galak ay sumisigaw! (T)

Ikalawang Pagbasa (Rom 8:18–23)

Inuusig at pinahihirapan ang mga alagad ni Kristo. Gayunpaman, ang muling pagkabuhay ni Kristo ay magdudulot sa kanila ng kaluwalhatian at ganap na katubusan.

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

MGA KAPATID, sa ganang akin, ang mga pagtitiis sa kasalukuyan ay hindi maihahambing sa ihahayag na kaluwalhatiang sasaatin. Nananabik ang sangnilikha na ihayag ng Diyos ang kanyang mga anak. Nabigo ang sangnilikha, hindi sa kagustuhan nito, kundi dahil sa ito ang niloob ng Diyos. Gayunman, may pag-asa pa, sapagkat ang sangnilikha ay palalayain sa pagkaalipin nito sa kabulukan, at makakahati sa maluwalhating kalagayan ng mga anak ng Diyos. Alam natin na hanggang ngayon ang sangnilikha ay dumaraing sa paghihirap. Hindi lamang sila! Tayo mang tumanggap ng Espiritu bilang unang kaloob ng Diyos ay napapahimutok samantalang hinihintay natin ang pag-aampon sa atin ng Diyos, ang pagpapalaya sa ating mga katawan.

—Ang Salita ng Diyos.B—Salamat sa Diyos.

Aleluya (Tumayo)

B—Aleluya! Aleluya! Salita ng D'yos ang buto na tanim ni Hesukristo upang tumubo sa tao. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita (Mt 13:1–9)

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo **B**—**Papuri sa iyo, Panginoon.**

NOON ding araw na iyon, si Hesus ay lumabas ng bahay at naupo sa tabi ng lawa. Pinagkalipumpunan siya ng makapal na tao, kaya sumakay siya sa isang bangka at doon naupo. Nasa dalampasigan naman ang mga tao. At nagturo siya ng maraming bagay sa pamamagitan ng mga talinghaga.

"May isang magsasakang lumabas upang maghasik. Sa kanyang paghahasik ay may binhing nalaglag sa tabi ng daan. Dumating ang mga ibon at tinuka ang mga iyon. May binhi namang nalaglag sa kabatuhan. Sapagkat manipis lang ang lupa roon, sumibol agad ang binhing iyon, ngunit nang mapabilad sa matinding sikat ng araw ay natuyo, palibhasa'y walang gaanong ugat. May binhi namang nalaglag sa dawagan; lumago ang mga dawag at ininis ang mga iyon. Ngunit ang binhing nalaglag sa mabuting lupa ay nag-uhay: may tigsasandaan, may tig-aanimnapu, at may tigtatatlumpung butil ang bawat uhay. Ang may pandinig ay makinig!"

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (*Umupo*)

Pagpapahayag

ng Pananampalataya (*Tumayo*)

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P—Itinuturing ni Hesus na pinagpala ang lahat ng nakikinig sa kanyang Salita at nagsasabuhay nito. Dumalangin tayo ngayon sa Ama na huwag lamang tayo maging mga tagapakinig ng Salita kundi mga tagasunod na nagsasabuhay nito. Manalangin tayo:

T—Ama, turuan mo kaming makinig sa iyong Salita.

L—Upang ang Simbahang Katolika ay patuloy na hubugin ng Salita mo, O Diyos, sa pamumuno at paggabay ng Santo Papa, mga obispo, pari, at mga diyakono. Manalangin tayo: (T)

L—Upang ang mga nasa serbisyopubliko ay tapat na maglingkod sa bayan ayon sa halimbawa ni Hesukristo. Makatagpo nawa sila ng inspirasyon at lakas sa Salita mo, Ama. Manalangin tayo: (T)

L—Upang maabot ng Salita mo, O Diyos, ang lahat ng nagtatrabaho sa *mass media*. Maging katuwang nawa sila sa pagpapalaganap ng mga aral ng Ebanghelyo. Manalangin tayo: **(T)**

L—Upang buong lugod kaming maglingkod sa iyo at sa aming kapwa hindi lamang sa panahon ng matinding pagsubok kundi pati sa mga karaniwang pagkakataon. Manalangin tayo: (T)

L—Sa ilang sandali ng katahimikan, itaas natin sa Diyos ang ating pansariling kahilingan, gayundin ang iba pang mga pangangailangan ng ating pamayanan. (Tumahimik) Manalangin tayo: (T)

P—Ama naming mapagmahal, manahan nawa sa amin ang iyong Salita upang matutunan namin ang iyong kalooban at masundan namin ang daang

tinahak ng iyong Anak kung saan kami'y makapamumunga nang makasandaang ulit. Ikaw na nabubuhay at naghaharing kasama ni Hesuristo at ng Espiritu Santo, ngayon at magpakailanman.

B-Amen.

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



Paghahain ng Alay (Tumayo)

P-Manalangin kayo...

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, tunghayan mo ang mga alay ng iyong sumasamong Sambayanan at tanggapin mo ang mga ito para madagdagan ang iyong kabanalan sa mga nananalig na tunay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. B—Amen.

Prepasyo (Karaniwan VI)

P—Sumainyo ang Panginoon.

B-At sumaiyo rin.

P—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B—Itinaas na namin sa Panginoon.

P—Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

B—Marapat na siya ay pasalamatan.

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Nasa iyo ang aming buhay, pagkilos at pag-iral. Sa pamumuhay namin araw-araw tinatamasa namin ang iyong pagmamahal. Sa pag-ibig mong ipinunla sa sangkatauhan ang Espiritu Santo'y unang aning bigay ng Anak mong naglagak sa amin ng katiyakang nakalaang mabuhay kami sa piling mo kailanman.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, Santo, Santo, Panginoong Diyos ng mga hukbo! Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo! Osana sa kaitaasan! Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon! Osana sa kaitaasan! (Lumuhod)

Pagbubunyi (Tumayo)

B—Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas, at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B—Ama namin...

P—Hinihiling naming...

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinabang (Lumuhod)

P—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging. B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatulóy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Pakikinabang (Slm 84:3–4)

Mga mayang nagpupugad sa templo mo'y nagagalak. Panginoon, silang lahat sa piling mo bawat oras ay talagang mapapalad.

Panalangin Pagkapakinabang (*Tumayo*)

P—Manalangin tayo. (*Tumahimik*)
Ama naming mapagmahal, kaming mga pinapagsalo mo sa piging na banal ay makatanggap nawa ng bungang karagdagan ng iyong pagliligtas na aming ipinagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen.

PAGTATAPOS

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P—Magsiyuko kayo samantalang iginagawad ang pagpapala. (*Tumahimik*)

Ama naming mapagpala, basbasan mo ng tibay ng kalooban ang iyong sambayanan upang mamalaging tapat sa pagsunod sa iyo at maligayang magkamit ng pagmamahal mo sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B-Amen.

P—At ang pagpapala ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo ay manaog nawa at mamalagi sa inyo magpasawalang hanggan B—Amen.

Pangwakas

P—Tapos na ang Misa. Humayo kayong taglay ang kapayapaan ni Kristo.

B—Salamat sa Diyos.

SUBSCRIBE TO OUR SAMBUHAY DIGITAL MISSALETTE

For inquiries and orders:

FACEBOOK: Sambuhay Missalette GMAIL: sambuhay@stpauls.ph

TEL: (02) 8895-9701

BE A PAULINE PRIEST OR A BROTHER

If you are a Grade 12 student, a college student, or a young professional, male, single, and interested to become a priest or a brother involved in the apostolate of social communication, we invite you to journey with us.

Contact us: SSP VOCATION DIRECTOR

(02) 8895-9701 0962-046-5506 0915-842-0546